

Una versión traducida de este documento estará disponible en www.seiu1021.org y en las oficinas de SEIU 1021.

Ang isinaling bersiyon ng dokumentong ito ay makukuha sa www.seiu1021.org at sa mga opisina ng SEIU 1021.

將有一份翻譯本會在工會網址 www.seiu1021.org 上登出及可在 SEIU 1021 工會各辦事處取閱。

Một bản dịch của văn kiện này sẽ có sẵn ở trang www.seiu1021.org và tại văn phòng của SEIU 1021.

In the event of a discrepancy between a translated version and the English version of this document, this English version shall prevail.



PAUNAWA NG PAGMUNGKAHI AT HALALAN

Lahat ng mga puwesto sa Tagapagpaganap na Lupon ng SEIU Local 1021 ay bubuksan para sa pagmungkahi at halalan. Ang mga pagmungkahi ay tatanggapin sa pamamagitan ng mga pinirmahang petisyon (tingnan ang mga detalye sa ibaba). Ang isang halalan sa pamamagitan ng ipinakokoreong balota ay gaganapin alinsunod sa mga tuntunin at pamamaraan na nakalagay sa paunawang ito. Ang mga ispesipikong katungkulan na imumungkahi at ihahalal ay nakalista sa ibaba.

Ang mga sumusunod na tuntunin at pamamaraan ay para sa paghalal ng mga miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon at dapat sundin ng lahat ng mga miyembro, nominado, kandidato, at tauhan. Dapat malaman ng mga nominado at kandidato na ang mga patnubay sa halalan ng Kagawaran ng Paggawa ay nagbabawal sa paggamit ng unyon o mga kakayahan ng pinagtatrabahuhan sa mga kampanya sa halalan. Ang pangangampanya sa mga lugar ng trabaho sa mga oras ng trabaho ay isang paglabag sa ilalim ng mga patnubay ng Kagawaran ng Paggawa (tingnan ang #15 “Pangangampanya” at #16 “Mga Kakayahan ng Unyon/Pinagtatrabahuhan” sa ibaba). Ang mga kandidato at ang kanilang mga tagasuporta ay inaasahang sumunod sa mga tuntunin at pamamaraang ito, dahil ang napatunayang mga paglabag ay maaaring maging dahilan upang pawalang-saysay ang mga resulta ng halalan.

Ang Komite sa Halalan ng Local 1021 ay pakikipagkontrata sa isang Tagapangasiwa ng Halalan upang tulungan ang Komite sa Halalan na isagawa ang halalan alinsunod sa mga tuntuning ito. Sa mga tungkulin ng Tagapangasiwa ay dapat kabilang ang pagpapakoreo ng mga balota, ang pagproseso ng mga paghiling ng duplikadong balota, pagpapayo sa Komite sa Halalan sa paglutas ng anumang mga pagsalungat sa mga balota, ang pagbilang ng mga balota, ang paggawa ng librito ng botante, at pagkakaloob ng sertipikasyon ng Tagapangasiwa sa mga resulta ng halalan sa Komite sa Halalan.

(1) Ang mga katungkulang ihahalal sa Tagapagpaganap na Lupon (upang maglilingkod ng isang tatlong-taong taning) ay nakalista sa ibaba.

- Presidente
- Panrehiyong mga Bise Presidente
- Bise Presidente sa Pulitika
- Bise Presidente sa Pag-oorganisa
- Bise Presidente sa Pagkatawan
- Kalihim
- Ingat-yaman
- Tagapangulo ng Komite sa Hustisyang Panlipunan at Pangkabuhayan
- Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro
- Tagapangulo ng Konseho ng Retirado
- Mga Tagapangulo ng Industriya
- Mga Kinatawan ng Lugar ng County
- Komite sa Badyet at Pananalapi

(a) Ang mga sumusunod na katungkulan ay dapat na ihahalal sa buong lugar:

Presidente

Bise Presidente sa Pulitika

Bise Presidente sa Pag-oorganisa

Bise Presidente sa Pagkatawan

Kalihim

Ingat-yaman

Tagapangulo ng Komite sa Hustisyang Panlipunan at Pangkabuhayan

Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro

Ang Presidente ay dapat na awtomatikong maglilingkod bilang isang delegado sa Pambansang Kombensiyon ng SEIU. Lahat ng ibang mga miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon ay dapat ituring na karapat-dapat bilang mga delegado sa Pandaigdig na Kombensiyon ng SEIU. Kung ang bilang mga miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon ay mas malaki kaysa bilang ng mga delegado sa Pandaigdig na Kombensiyon ng SEIU, lahat ng kasunod na mga delegado ay dapat piliin nang sapalaran mula sa mga miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon.

(b) **Tagapangulo ng Konseho ng Retirado:** Ang mga retiradong miyembro na nasa mabuting katayuan ay dapat maghalal ng isang Tagapangulo ng Konseho ng Retirado. (Ang mga retiradong miyembro ay maaari lamang kumandidato para Tagapangulo ng Konseho ng Retirado at maaari lamang bumoto para

Tagapangulo ng Konseho ng Retirado at Tagapangulo ng Seguridad ng Pagreretiro.) Ang Tagapangulo ng Konseho ng Retirado ay dapat maglingkod bilang isa sa mga miyembro ng Komite sa Badyet at Pananalapi.

(c) **Mga Tagapangulo ng Industriya:** Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat industriya ay dapat maghalal ng isang (1) Tagapangulo ng Industriya. **Ang mga industriya ay mga Lungsod, Lungsod/County ng San Francisco, mga County, mga Hukuman, Pangangalagang Pangkalusugan, Pribadong Sektor/Di-Nagtutubo, mga Nakarehistrong Nars, Edukasyon, at mga Espesyal na Distrito.** (Tala: Ang Industriya ng Edukasyon ay dating tinatawag na Industriya ng mga Paaralan. Ang pagbabago sa pangalan ng industriya ay ginawa alinsunod sa Artikulo 7.2. ng mga Alituntuning Panloob ng SEIU 1021)

(d) **Mga Kinatawan ng Lugar ng County:** Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat county na may pinakamababang 100 miyembro ay dapat maghalal ng isa (1) hanggang tatlong (3) miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon. Ang pagkatawan ay ayon sa proporsiyon at pinagpapasiyahan batay sa bilang ng mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat county, iyon ay, 100-5,000 miyembro sa isang county = isang (1) miyembro ng lupon; 5,001-10,000 miyembro sa isang county = dalawang (2) miyembro ng lupon; 10,001 o higit na miyembro sa isang county = tatlong (3) miyembro ng lupon. "County" ay binibigyang-kahulugan batay sa lokasyon ng mga punong-tanggapan ng mga pinagtatrabahuhan ng mga miyembrong kinakatawan ng Local 1021. Ang bawat isa ng Alameda at San Francisco ay dapat maghalal ng tatlong (3) miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon. Ang bawat isa ng Amador, Butte, Calaveras, Contra Costa, Del Norte, Marin, Mendocino, Napa, Sacramento, San Joaquin, Shasta, Solano, Sonoma, at Yuba ay dapat maghalal ng isang (1) miyembro ng Tagapagpaganap na Lupon. Kapag may higit sa isang (1) industriya sa isang county at ang county ay may higit sa 5,000 miyembro, ang mga puwesto ng county ay dapat hawakan ng mga miyembro ng magkakaibang industriya. Ang kandidatong tatanggap ng pinakamataas na bilang ng mga boto ay dapat ideklarang nahalal sa unang puwesto ng county. Ang kandidatong tatanggap ng ikalawang pinakamataas na bilang ng mga boto mula sa industriya na iba sa unang kandidato ay dapat ideklarang nahalal sa ikalawang puwesto ng county. Ang kandidatong tatanggap ng ikatlong pinakamataas na bilang ng mga boto mula sa industriya na iba sa una at ikalawang puwesto ng county ay dapat ideklarang nahalal.

(e) **Komite sa Badyet at Pananalapi:** Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat rehiyon ay dapat maghalal ng dalawang (2) miyembro ng Komite sa Badyet at Pananalapi. Ang mga rehiyon ay nilinaw gaya ng mga sumusunod:

- Rehiyon A. Hilagang Sentral (Napa, Solano, Sacramento, Butte, Shasta, Yuba)
- Rehiyon B. Hilagang Baybay-dagat (Marin, Mendocino, Del Norte, Sonoma)
- Rehiyon C. East Bay
- Rehiyon D. San Francisco
- Region E. San Joaquin/Calaveras/Amador

(f) **Panrehiyong mga Bise Presidente:** Ang mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa bawat rehiyon ay dapat maghalal ng isang Bise Presidente para sa rehiyong iyon.

(2) Ang mga paglalarawan ng mga tungkulin ng mga katungkulan nasa itaas ay matatagpuan sa Mga Alituntuning Panloob ng SEIU Local 1021 (makukuha sa bawat opisina ng Local 1021 at nakalagay sa website ng unyon, www.seiu1021.org).

(3) Walang miyembro na dapat maging kandidato para sa higit sa isang (1) katungkulan o puwesto sa Tagapagpaganap na Lupon sa isang pagkakataon.

(4) **PAGIGING KARAPAT-DAPAT:** Upang maging karapat-dapat, ang isang kandidato ay dapat na isang miyembro (maliban sa isang kandidato para Tagapangulo ng Konseho ng Retirado) na patuloy na nasa mabuting katayuan alinsunod sa Mga Alituntuning Panloob at mga tuntunin ng SEIU Local 1021 na itinatag ng Komite sa Halalan ng SEIU at ng Tagapagpaganap na Lupon ng SEIU para sa hindi kukulangin sa dalawang (2) taon kasunod ng **ika-11 ng Disyembre, 2015**. Sa kaso ng isang miyembro na ang balangay, yunit, o hurisdiksiyon ay sumapi sa Local 1021 nang kulang sa dalawang (2) taon bago ang huling araw para sa paghaharap ng petisyon sa pagmungkahi, ang kandidato ay dapat na isang miyembro na patuloy na nasa mabuting katayuan ng balangay, yunit, o hurisdiksiyon para sa hindi kukulangin sa kalahati (1/2) ng panahon na ang balangay ay naroon. **Ang mga miyembro, lalo na ang mga isinasaalang-alang ang pagkandidato para sa katungkulan sa Unyon, ay hinihimok na kumpirmahin ang kanilang kasaysayan ng pagbabayad ng mga butaw at katayuan sa pagkamiyembro sa pamamagitan ng pagtawag sa Kagawaran ng Pagkamiyembro ng Local sa 877-687-1021. Ang hindi nagawang (mga) pagbabayad ng mga butaw ay dapat lutasin upang ang isang nominado ay masertipikahan bilang kandidato.**

(a) Ang mga karapat-dapat na kandidato para sa panlahat na mga katungkulan sa Unyon (Presidente, Bise Presidente sa Pulitika, Bise Presidente sa Pag-oorganisa, Bise Presidente sa Pagkatawan, Kalihim, Ingat-yaman, Komite sa Hustisyang Panlipunan at Pangkabuhayan, Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro) ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang yunit sa pakikipagkasundo ng SEIU 1021.

(b) Ang mga karapat-dapat na kandidato para Kinatawan ng Lugar ng County ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang yunit ng pakikipagkasundo ng SEIU 021 na nakabase sa lugar ng county na kinakatawan nila ("County" ay nilinaw sa Tuntunin 1(d) sa itaas.)

(c) Ang mga karapat-dapat na kandidato para Tagapangulo ng Industriya ay dapat na mga regular na miyembro na kasalukuyang nagtatrabaho sa isang yunit ng pakikipagkasundo ng SEIU 1021 na nakabase sa industriyang kinakatawan nila.

(d) Ang mga karapat-dapat na kandidato para Panrehiyong mga Bise Presidente at mga miyembro ng Komite sa Badyet at Pananalapi ay dapat na mga regular na miyembrong kasalukuyang nagtatrabaho sa isang yunit ng pakikipagkasundo ng SEIU 1021 kung saan sila kumakandidato (“Rehiyon” ay nilinaw sa Tuntunin 1(e) sa itaas.)

(e) Ang isang kandidato para tagapangulo ng Konseho ng Retirado ay dapat na isang miyembrong retirado na nasa mabuting katayuan gaya ng nilinaw sa Mga Alituntuning Panloob ng SEIU Local 1021.

(5) Ang mga isinusulat-lamang na kandidato at pagboto ng panghalili ay hindi dapat ipinahintulot sa halalang ito.

(6) **MGA PAGMUNGKAHI:** Ang mga pagmungkahi ay dapat gawin sa pamamagitan ng isang petisyon na ibinigay sa Komite sa Halalan at pinirmahan ng hindi kukulangin sa dalawampu't-limang (25) miyembro ng SEIU Local 1021 na nasa mabuting katayuan gaya ng mga sumusunod:

(a) Ang isang miyembrong pumirma sa isang petisyon sa pagmungkahi para sa isang Tagapangulo ng Industriya ay dapat na isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng Industriyang iyon.

(b) Ang isang miyembrong pumirma ng isang petisyon sa pagmungkahi para sa isang Panrehiyong Bise Presidente ay dapat na isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng rehiyong iyon.

(c) Ang isang miyembrong pumirma sa isang petisyon sa pagmungkahi para Kinatawan ng Lugar ng County ay dapat na isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng County na iyon.

(b) Ang isang miyembrong pumirma ng isang petisyon sa pagmungkahi para sa isang puwesto sa Komite sa Badyet at Pananalapi ay dapat na isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng rehiyong iyon.

(e) Ang isang miyembrong pumirma sa isang petisyon para Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro ay dapat na isang miyembrong retirado na nasa mabuting katayuan o isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng anumang industriya, rehiyon o county.

(f) Tanging ang mga miyembrong retirado na nasa mabuting katayuan ang maaaring pumirma sa isang petisyon para Tagapangulo ng Konseho ng Retirado.

(g) Ang isang miyembrong pumirma sa isang petisyon sa pagmungkahi para sa alinman sa panlahat (lokal) na mga katungkulan (iyon ay, Presidente, Bise Presidente sa Pulitika, Bise Presidente sa Pag-oorganisa, Bise Presidente sa Pagkatawan, Kalihim, Ingat-yaman, Tagapangulo ng Komite sa Hustisyang Panlipunan at Pangkabuhayan, at Tagapangulo ng Komite sa Seguridad ng Pagreretiro) ay maaaring isang miyembrong nasa mabuting katayuan ng alinmang industriya, rehiyon o county.

Ang isang petisyon sa pagmungkahi ay dapat kabilang ang pirma ng nominado, at lahat ng mga pirma ay dapat na nakalimbag at pinirmahan. Ang pirma ng nominado ay dapat ibilang na isa sa dalawampu't-limang kinakailangang pirma. Magsisimula nang hindi mas huli kaysa ika-13 ng Nobyembre, 2015, ang mga petisyon sa pagmungkahi ay maaaring makuha mula sa mga opisang pampangasiwaan ng unyon sa Oakland, San Francisco, Sacramento, Stockton, Jackson, Santa Rosa, at Fairfield, sa website ng SEIU Local 1021 (www.seiu1021.org), o sa Komite sa Halalan.

Ang mga orihinal na petisyon (hindi mga kopya) ay dapat ipakoreo sa Local 1021 Election Committee c/o P.O. Box 12546, Oakland, CA 94604 at dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo na iyon nang hindi mas huli kaysa ika-5 ng hapon, ika-11 ng Disyembre, 2015. Ang mga petisyon ay dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo at hindi maaaring personal na dalhin sa isang opisina ng Local 1021. Inirerekomenda na ang mga petisyon ay ipakoreo nang may katunayan ng serbisyong paghahatid. Ang mga pag-urong ng petisyon ay dapat isumite sa pamamagitan ng pagliham sa Local 1021 Election Committee c/o P.O. Box 12546, Oakland, CA 94604 at dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo na iyon nang hindi mas huli kaysa **ika-5 ng hapon, ika-11 ng Disyembre, 2015.** Ang mga pag-urong ng petisyon ay dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo at hindi maaaring personal na ihatid sa isang opisina ng Local 1021.

(7) Kung isa (1) lamang na karapat-dapat na kandidato ang iminungkahi para sa isang katungkulan, siya ay dapat ituring na nahalal. Ang pangalan ng kandidato ay dapat na nasa balota, sa ilalim ng pangalan ng katungkulan, na may salitang “Nahalal” sa tabi nito.

(8) **PAUNAWA NG HALALAN:** Sa o mga ika-6 ng Nobyembre, 2015, ang isang kopya nitong "Paunawa ng Pagmungkahi at Halalan" ay dapat ipakoreo sa lahat ng mga miyembro sa pinakahuling alam na tirahan.

(9) **MGA PAHAYAG NG KANDIDATO:** Ang mga kandidato ay dapat magsumite ng mga pahayag sa (mga) wikang gusto nila. Ang mga pahayag ay dapat ipakoreo sa Local 1021 Election Committee c/o P.O. Box 12546, Oakland, CA 94604 at dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo na iyon nang hindi mas huli kaysa **ika-5 ng hapon, ika-11 ng Disyembre, 2015.** Ang mga pahayag ng kandidato ay dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo at hindi maaaring personal na dalhin sa isang opisina ng Local 1021. Ang mga pahayag ng kandidato ay dapat na iminakinilya at isinumite sa 8½" (lapad) x 5½" (taas) na puting papel na may hindi kukulangin sa ½" na mga puwang (itaas, ibaba, at mga tagiliran). Bilang karagdagan sa isang papel na kopya, ang mga kandidato ay dapat magsumite ng elektronikong pdf file ng kanilang pahayag (na gagamitin upang gumawa ng librito ng kandidato) sa Election Committee c/o 2016.election.committee@seiu1021.org nang hindi mas huli kaysa **ika-5 ng hapon, ika-11 ng Disyembre, 2015.** Ang mga pahayag ay limitado sa isang kabuuan na dalawang daang (200) salita. Responsibilidad ng mga kandidato na ilagay sa itaas ng kanilang mga pahayag ang kanilang pangalan at ang katungkulan kung saan sila kumakandidato, na ibibilang sa 200 salitang limitasyon. Ang salin ng orihinal na pahayag patungo sa ibang wika o mga wika ay responsibilidad ng kandidato. Ang isang pahayag ng kandidato—kabilang ang anuman at lahat ng mga salin sa wika—ay dapat magkasya sa loob ng iisang lugar, 8½" (lapad) x 5½" (taas) nang may hindi kukulangin sa ½" na mga puwang, at hanggang 200 salita lamang. Ang mga litrato ng kandidato ay opsiyonal. Ang isang litratong may sukat ng tulad sa pasaporte (2" x 2") ay maaaring isumite bilang bahagi ng isang pahayag ng kandidato pero ang mga

litrato ay dapat isumite sa paraang elektronikal sa isang jpeg file o tif file at kasya sa loob ng mga dimensiyon ng papel na nakalista sa itaas. Responsibilidad ng kandidato na magbigay ng espasyo para sa at tukuyin ang lokasyon ng litrato sa loob ng pagkakaayos ng pahayag ng kandidato. Ang pananalita sa isang pahayag ng kandidato ay ililimbag nang eksaktong katulad ng natanggap sa pdf file, hanggang 200 salita lamang. Ang mga pahayag ng kandidato ay ihaharap sa pagkakasunod-sunod na ayon sa alpabeto, batay sa apelyido sa ilalim ng titulo ng bawat katungkulan. Kung ang isang pahayag ng kandidato ay hindi natanggap mula sa isang kandidato, ang pangalan at ang katungkulan ng kandidato kung saan siya ay kumakandidato ay ililimbag sa librito ng mga pahayag ng kandidato na may mga salitang “Walang pahayag na natanggap” sa tabi o sa ibaba ng pangalan ng kandidato. Ang mga pahayag ng kandidato ay ipapakoreo sa mga karapat-dapat na kandidato at ilalagay sa website ng Local 1021. Ang isang kandidatong nag-urong ng kanyang petisyon ay dapat ding mag-urong ng kanyang pahayag ng kandidato.

(10) **SERTIPIKASYON AT APELA NG KANDIDATO:** Ang Komite sa Halalan ay magsesertipika sa lahat ng mga kandidato nang hindi mas huli kaysa ika-18 ng Disyembre, 2015. Ang mga kandidatong diniskuwalipika ng Komite sa Halalan dahil sa pagiging hindi karapat-dapat ay bibigyan ng paunawa sa pamamagitan ng email sa o bago ang ika-21 ng Disyembre, 2015. Ang mga apela sa mga diskuwalipikasyong ito ay dapat iharap sa Tagapagpaganap ng Lupon nang hindi mas huli kaysa **ika-5 ng hapon, ika-4 ng Enero, 2016**. Ang mga naturang apela ay sasailalim sa pagdinig ng Tagapagpaganap na Lupon sa **ika-9 ng Enero, 2016**.

(11) **LISTAHAN NG KANDIDATO:** Ang mga karapat-dapat na kandidato ay dapat ilista sa balota sa pagkakasunod-sunod na ayon sa alpabeto, batay sa apelyido para sa bawat katungkulan.

(12) **PAGPAPAKOREO NG BALOTA:** Ang mga balota ay dapat ipadala sa lahat ng mga miyembrong nasa mabuting katayuan (kasalukuyang bayad sa mga butaw at ibang mga pinansiyal na obligasyon sa unyon pagsapit ng ika-31 ng Disyembre, 2015) sa kanilang pinakahuling alam na tirahan sa pamamagitan ng primera klaseng koreo ng U.S. sa o mga **ika-4 ng Pebrero, 2016**. Ang pagpapakoreo ay kabilang ang isang balota, isang sobre ng balota na minarkahang “sobre ng lihim na balota,” isang naunang binayaran na pantrabahong sobre ng pagsagot, mga tagubilin sa balota sa Ingles, Kastila, Tagalog, Tsino, at Biyetnamis, isang libritong nagtataglay ng mga pahayag ng kandidato at ang paunawang ito.

(13) **MGA PAGPAPAKOREO SA MGA MIYEMBRO:** Ang isang kandidato ay maaari, sa sarili niyang gastos, na magpakoreo ng babasahing may kaugnayan sa halalan sa mga miyembro ng Local 1021, o isang bahagi nito, sa kondisyon na ito ay isusumite sa itinalaga-ng-union na lugar ng pagpapakoreo sa tamang panahon at alinsunod sa mga tuntunin sa halalan. Ang mga kandidatong nais magpakoreo ng babasahing pangkampanya ay dapat gumawa ng pakikipag-ugnayan para sa mga naturang pagpapakoreo sa JB Mailing Services (4960 Blum Road, Martinez, CA 94553; telepono (925) 370-1775) at responsable para sa lahat ng mga gastos na kaugnay ng pagpapakoreo. Ang Local 1021 ay magtatangkang sumunod sa mga kahilingan para sa pagpapakoreo sa mga bahagi (halimbawa, mga steward) ng mga miyembro. Ang mga kandidato ay dapat magkaloob ng mga nakasulat na tagubilin sa lugar ng pagpapakoreo tungkol sa petsa kung kailan ang babasahin ay ipapakoreo at dapat magbigay ng hindi kukulangin sa tatlong (3) araw ng trabaho para sa paghahanda ng pagpapakoreo. Ang tipunan ng datos ng mga karapat-dapat na botante ay hindi makukuha ng lugar ng pagpapakoreo hanggang pagkatapos ng ika-19 ng Enero, 2016.

(14) **LISTAHAN NG MGA MIYEMBRO:** Ang mga karapat-dapat na kandidato ay maaaring magsiyasat (hindi kumopya) ng isang listahan ng mga karapat-dapat na botante na dapat panatilihin sa opisina sa 29th Street ng Local 1021 (447 - 29th St., Oakland, CA 94609) sa mga regular na oras ng trabaho. Inirerekomenda na ang mga kandidato ay gumawa ng mga nauunang pakikipagtipan sa pamamagitan ng pagtawag sa Local 1021 Membership Department at (877) 687-1021.

(15) **PANGANGAMPANYA:** Ang mga balangay/yunit ng pakikipagkasundo ng Local 1021 ay hinihimok na magbigay ng makatwiran at pantay na daan sa lahat ng mga kandidato para makausap ang mga miyembro. Halimbawa, kung ang isang kandidato ay inimitahang magsalita sa isang pulong ng unyon, lahat ng mga kandidato para sa katungkulan ay dapat imbitahang magsalita sa kaparehong pulong. Ang mga kandidato ay dapat mangampanya sa sarili nilang oras, na maaaring kabilang ang binabayaranang panahon ng bakasyon. Ang mga kandidato ay hinihimok na magdokumento ng kanilang panahon ng kampanya. Dapat limitahan ng mga kandidato ang kanilang pangangampanya sa panahon na walang trabaho ang mga miyembro, halimbawa, sa mga pahinga o tanghalian, bago o pagkatapos ng trabaho. Ang mga kandidato ay hindi maaaring gumamit ng logo o letterhead ng Local 1021 sa kanilang mga materyal sa kampanya.

(16) **MGA KAKAYAHAN NG UNYON/PINAGTATRABAHUAN:** Ang pondo ng unyon at pinagtatrabahuhan at ibang mga kakayahan (kabilang ang pera, mga pasilidad, kagamitan, suplay, email at pangangampanya sa oras na binabayaran ng unyon o pinagtatrabahuhan) upang suportahan ang sinumang kandidato ay ipinagbabawal. Walang kandidato o inaasahang maging kandidato na maaaring manghingi o tumanggap ng pinansiyal na suporta o anumang ibang tuwiran o di-tuwirang suporta mula sa sinumang di-miyembro ng Service Employees International Union. Ang mga newsletter ng balangay/yunit ng pakikipagkasundo, mga publikasyon at website ay hindi maaaring magtampok o magkaloob ng di-pangkaraniwang pagbabalita sa mga kandidato sa panahon ng halalan pero ang mga balangay/yunit ng pakikipagkasundo ay hinihimok na ipagunita sa mga miyembro na bumoto at ilathala ang iskedyul ng halalan sa mga newsletter.

(17) **MGA DUPLIKADONG BALOTA:** Kung ang isang miyembro ay hindi nakatanggap ng balota sa koreo bago lumampas ang **ika-11 ng Pebrero, 2016** siya ay maaaring humiling ng isang duplikadong balota sa

pamamagitan ng pagtawag sa Tagapangasiwa ng Halalan sa **(800) 864-1263**. Ang Tagapangasiwa ng Halalan ay dapat maghanda at magpadala ng isang duplikadong balota. Ang mga miyembrong tumanggap ng mga duplikadong balota ay aatasan na pumirma sa isang pahayag na hindi pa sila nakaboto. Ang mga duplikadong balota ay dapat markahan na gayon. Ang huling-araw upang humiling ng isang duplikadong balota ay **ika-6 ng gabi, ika-24 ng Pebrero, 2016**.

(18) **HULING-ARAW NG BALOTA:** Ang mga balota ay tatanggapin sa isang natatakdaan ang paggamit na kahon ng tanggapan ng koreo sa ilalim ng kontrol ng Tagapangasiwa ng Halalan o itinalaga nito upang gamitin lamang para sa pagtanggap at pag-iimbak ng mga binotohang balota. Ang mga ibinalik bilang hindi maihahatid ay poprotektahan sa isang nakahiwalay na kahon ng tanggapan ng koreo sa ilalim ng kontrol ng Tagapangasiwa ng Halalan. Lahat ng mga balota ay dapat matanggap sa itinalagang kahon ng tanggapan ng koreo bago ang **ika-9 ng umaga, ika-4 ng Marso, 2016**, upang ituring na may-bisa.

(19) **PAGBILANG SA BALOTA:** Ang isang balota ay hindi magkakaroon ng bisa at ibibilang maliban kung natiyak ng Tagapangasiwa ng Halalan sa pagsangguni sa Komite sa Halalan na ang balota ay natanggap mula sa isang karapat-dapat na botante. Ang isang katangi-tanging kodigo o marka para sa bawat botante ay maaaring ilimbag sa sobre ng pagbabalik ng balota at maaaring gamitin ng Tagapangasiwa ng Halalan para sa pagbubukod-bukod ng mga balota at pagpapasiya ng pagiging karapat-dapat ng botante sa pagbilang ng balota. Ang mga balota ay kukunin sa ika-9 ng umaga sa ika-4 ng Marso, 2016 ng Tagapangasiwa ng Halalan at Komite sa Halalan at ihahatid sa opisina ng unyon sa 100 Oak Street, Oakland. Ang mga balota ay bubuksan at bibilangin ng Tagapangasiwa ng Halalan sa pagsangguni sa Komite sa Halalan sa opisina ng Unyon sa Oak Street (100 Oak Street, Oakland, CA 94607) sa **ika-4 ng Marso, 2016**. Ang mga resulta ng halalan ay ilalagay sa website ng Local 1021 at sa mga opisina ng Local 1021.

(20) **MGA TAGAPAG-OBSERBA:** Ang alinman sa kandidato o di-kandidatong miyembrong tagapag-obseserba na itinalaga ng kandidato ay maaaring mag-obseserba sa paghahanda, pagpapakoreo, pagkuha, at pagbilang ng mga balota. Ang petsa, oras at lugar ng paghahanda at pagpapakoreo ng mga pakete ng balota ay pagpapasiyahan ng Tagapangasiwa ng Halalan. Tanging ang Tagapangasiwa ng Halalan at ang klerikal na mga katulong na nagtatrabaho para sa Tagapangasiwa ng Halalan ang dapat humawak ng mga sobre ng balota, ng mga balota, mga papel ng pagbilang, o anumang ibang mga aytem na may kaugnayan sa pagbilang ng mga balota. Ang Komite sa Halalan ay dapat magpulung sa ika-8 ng umaga sa opisina ng Local sa Oak Street, Oakland, sa ika-4 ng Marso, 2016 upang kunin ang mga balota.

(21) **MGA SINALUNGAT NA BALOTA:** Kung may mga balota na sinalungat ng mga kandidato o tagapag-obseserba o ng Komite sa Halalan sa pagbilang ng mga balota, ang nasabing mga sinalungat na balota ay dapat ibukod bago ang pagbubukas at pagbilang ng mga hindi sinalungat na balota, at ang Tagapangasiwa ng Halalan sa pagsangguni sa Komite sa Halalan ay dapat magpasiya ng pagiging makatwiran ng mga pagsalungat. Ang hindi pa nalulutas na mga sinalungat na balota na hindi sapat ang bilang upang makaapekto sa mga resulta ng halalan ay hindi dapat bilangin.

(22) **MGA PAGSALUNGAT SA HALALAN:** Anumang pagsalungat o protesta na nauukol sa pagsasagawa ng halalan ay dapat isumite nang nakasulat, may mga ispesipikong bagay na nagsasaad ng pagsalungat o protesta, at dapat matanggap ng Election Committee, c/o Local 1021, **P.O. Box 12546, Oakland, CA 94604** nang hindi mas huli kaysa **ika-5 ng hapon, ika-14 ng Marso, 2016**. Ang mga pagsalungat o protesta na hindi ginawa sa tamang panahon ay hindi isasaalang-alang. Ang mga pagsalungat sa halalan ay isasaalang-alang lamang kung ang mga ito ay bumanggit ng mga ispesipikong paglabag sa mga tuntunin at pamamaraan sa halalan at/o ng Alituntuning Panloob ng Local 1021 at kung ang ibinibintang na paglabag ay maaaring nakaapekto sa resulta ng halalan. Ang komite ay mag-iimbistiga sa mga pagsalungat at maglalabas ng isang ulat nang hindi mas huli kaysa **ika-21 ng Marso, 2016**. Ang Komite sa Halalan ay ang pangwakas na awtoridad sa lahat ng mga isyu sa halalan at kampanya na sasailalim sa anumang apela na maaaring magawa sa pamamagitan ng Saligang-batas at Alituntuning Panloob ng SEIU International.

(23) **MGA TAUHAN NG UNYON:** Habang gumaganap ng kanilang mga tungkulin, ang mga tauhan ng Unyon ay dapat manatiling hindi kasangkot at walang-pinapanigan sa mga pagrekomenda ng kandidato at mga gawain sa kampanya.

(24) Ang Komite sa Halalan at ang Tagapangasiwa ng Halalan ay maaaring magtatag ng mga tadhana sa pamamaraan na maaaring kailangan para sa wastong pagsasagawa ng halalang ito.

ISKEDYUL NG HALALAN

(Tandaan – Lahat ng mga oras ay Pangkaraniwang Oras sa Pasipiko)

- Ika-6 ng Nobyembre, 2015** Sa o mga petsang ito, ang paunawa, tuntunin, at mga pamamaraan ng halalan ay ipinakokoreo sa mga miyembro.
- Ika-13 ng Nobyembre, 2015** Ang mga nagmumungkahing petisyon na ay magagawa simula sa petsang ito.
- Ika-11 ng Disyembre, 2015** Ang huling-araw para sa pagtanggap ng mga nagmumungkahing petisyon at mga pahayag ng kandidato sa itinalagang kahon ng tanggapan ng koreo. Ang huling-araw para sa pag-urong ng naunang isinumiteng mga petisyon at pahayag. Huling-araw din ng pagtanggap ng pdf file ng pahayag ng kandidato at jpeg file o tif file ng litrato ng kandidato.
- Ika-18 ng Disyembre, 2015** Huling-araw para sa mga karapat-dapat na kandidato na sesertipikahan ng Komite sa Halalan.
- Ika-21 ng Disyembre, 2015** Paunawa ng diskuwalipikasyon at paunawa ng apela na ipinadadala sa diskuwalipikadong kandidato sa pamamagitan ng email.
- Ika-31 ng Disyembre, 2015** Tanging mga miyembrong nasa mabuting katayuan sa petsang ito ang karapat-dapat bumoto.
- Ika-4 ng Enero, 2016** **ika-5 ng hapon** huling-araw para magharap ng apela ang mga diskuwalipikadong kandidato sa Tagapagpaganap na Lupon.
- Ika-9 ng Enero, 2016** Ang mga apela ay sasailalim sa pagdinig ng Tagapagpaganap na Lupon.
- Ika-4 ng Pebrero, 2016** Sa o mga petsang ito, ang mga balota at impormasyon para sa botante ay ipapakoreo sa mga miyembrong nasa mabuting katayuan.
- Ika-11 ng Pebrero, 2016** Kung ang isang miyembro ay hindi nakatanggap ng balota sa koreo pagsapit ng petsang ito, ang miyembro ay maaaring tumawag sa Tagapangasiwa ng Halalan at humiling ng isang duplikadong balota: **(800) 864-1263**.
- Ika-24 ng Pebrero, 2016** Ang huling-araw ay **ika-6 ng gabi** sa petsang ito upang humiling ng isang duplikadong balota.
- Ika-4 ng Marso, 2016** Ang huling-araw ay **ika-9 ng umaga** para sa pagtanggap ng mga balota sa itinalagang kahon ng tanggapan ng koreo. Ang Komite sa Halalan ay magpupulong sa **ika-8 ng umaga** sa opisina ng Local 1021 sa Oak Street (100 Oak St., Oakland, CA 94607). Ang mga balota ay kukunin sa tinatakdaan ang paggamit na kahon ng tanggapan ng balota sa **ika-9 ng umaga**. Ang mga balota ay bibilangin ng tagapangasiwa ng halalan at Komite sa Halalan sa opisina sa Oak Street ng Local 1021. Ang mga resulta ng halalan ay ilalagay sa website ng Local 1021 (www.seiu1021.org) at sa mga opisina ng Local 1021 kasunod ng sertipikasyon ng pagbilang ng balota.
- Ika-14 ng Marso, 2016** Ang mga pagsalungat o protesta sa halalan ay dapat matanggap sa kahon ng tanggapan ng koreo ng Local 1021 (P.O. Box 12546, Oakland, CA 94604) bago lumampas ang **ika-5 ng hapon** sa petsang ito upang isaalang-alang ng Komite sa Halalan.
- Ika-21 ng Marso, 2016** Ang Komite sa Halalan ay maglalabas ng ulat tungkol sa anumang mga pagsalungat o protesta bago lumampas ang petsang ito.

Ang mga miyembro ay dapat tumawag sa **(800) 864-1263** Lunes-Biyernes (hindi kasama ang mga piyesta opisyal), **ika-7 ng umaga** hanggang **ika-6 ng gabi**, kung may mga katanungan tungkol sa halalan o upang humiling ng panghaliling balota.

SIGURUHIN ANG IYONG DIREKSIYONG PANGKOREO AY NAPAPANAHON!
TAWAGAN ANG MEMBER RESOURCE CENTER SA (877) 687-1021 UPANG KUMPIRMAHIN ANG IYONG TIRAHAN
SIGURUHIN ANG PAGBOTO!